

DOST at IPOPhil, isinusulong ang proteksyon sa Intellectual Property

Ni Luisa S. Lumioan
S&T Media Service, STII

“Protect your intellectual property right from the start,” payo ni Carmen Peralta, director ng Intellectual Property Office Philippines (IPOPhil) sa mga kabataang technopreneurs sa ginanap na Investors and Start-ups Forum na inilunsad ng Department of Science and Technology-Technology Resource Center (DOST-TRC) sa UP-Ayala Technohub, Lungsod ng Quezon.

Ayon kay Dir. Peralta, ang malakas na intellectual property (IP) portfolio ay makadaragdag sa halaga ng isang start-up company. Tinuran niya ang The Economist na nagsabi na 75% ng halaga ng publicly-traded na kumpanya sa Estados Unidos ay nakabatay sa IP nito.

Ang IP ay tumutukoy sa anumang likha o produkto ng pag-iisip kabilang ang mga imbensyon, disenyo, praktikal na aplikasyon ng mga ideya, trademark, kabilang na ang mga gawang literatura at sining.

Dagdag pa ni Dir. Peralta, na sinusunod ng IPOPhil ang prinsipyo na “first-to-file” ng mga patent application na ang ibig sabihin ay
sundan sa pahina 2

Nilalaman

Abot kayang DOST
rescue boat **p. 3**

LarawaNews **p. 3**

Pagtanda ng
populasyon, isang
napipintong
suliranin sa mundo **p. 4**

Sweet sorghum mainam na alternatiba sa tabako, ayon sa eksperto

Ni Arjay C. Escondo
S&T Media Service, STII

Upang maibsan ang posibleng epekto sa pangkabuhayan ng mga maliliit na magsasaka ng tabako dahil sa pagkakapasa ng R. A. 10351 o kilala bilang Sin tax law, tinalakay kamakailan sa isang pagpupulong sa pangunguna ng National Academy for Science and Technology ng Department of Science and Technology (DOST-NAST) ang mga potensyal na alternatibong kabuhayan para sa mga apektadong magsasaka at manggagawa ng tabako.

Ang nasabing pagpupulong na pinamagatang “Are We Ready for Sweet Sorghum Bioethanol?” ay dinaluhan ng mga kinatawan mula sa gobyerno, akademya, non-government organization, at mga taga-pribadong sektor.

Ayon kay Dr. Heraldo L. Layaoen, Vice-president ng Planning, Development and External Linkages sa Mariano Marcos State University, Batac (MMSU), maaaring

sundan sa pahina 2

mawalan ng kabuhayan ang mga magsasaka ng tabako kung tataas ang buwis sa mga produktong tabako dahil na rin sa pagbaba ng demand para dito.

"We have a ready substitute for this—sweet sorghum. It generates employment and may replace the tobacco industry without hurting the farmers," dagdag pa ni Dr. Layaoen.

Si Dr. Layaoen ay ang pangunahing eksperto sa bansa pagdating sa sweet sorghum. Kanyang ipinaliwanag ang paraan kung paano mapagkakakitaan ang tanim kumpara sa tabako na gumagamit ng maraming pestisidyo. Binigyang diin din niya na ang sweet sorghum ay di lamang para sa pagkain, ito ay magagamit din bilang patuka at fuel source.

Isinalaysay ni Dr. Layaoen na ang sweet sorghum ay drought-tolerant dahil na rin sa ito ay nagtataglay ng mga malalawak na ugat sa ilalim ng lupa. Hindi rin ito

nangangailangan ng maraming tubig, hindi tulad ng ibang butil na tanim.

Dagdag pa rito, ang mga kagamitan sa pagproseso ng sweet sorghum ay katulad din lamang ng mga ginagamit sa pagproseso sa sugarcane juice.

Samantala, ayon kay Academician Alvin B. Culaba, focal person ng NAST para sa enerhiya, nananatiling paksa pa rin ng masusing pag-aaral ang pagtanggap ng publiko sa sweet sorghum bilang isang produkto.

Miyembro ng NAST Engineering Sciences and Technology Division, si Acd. Culaba ay kasama sa mga nanaliksik patungkol sa mga alternatibo at renewable energy source kabilang ang biodiesel at bioethanol.

Samantala, inihayag naman ni Dr. Layaoen na angkop ang probinsya ng Ilocos Norte bilang lugar na pagtamnan ng sweet sorghum dahil na rin sa mahabang

panahon ng tag-init dito. Subalit, kanyang iminungkahi na gumamit pa rin ng rotational cropping system gamit ang tanim na pigeon pea o kadyos sa pagtatanim ng sweet sorghum upang maibalik nito ang kalidad ng lupa na kakailanganin ng sweet sorghum.

Dagdag pa niya, na nakapagtayo na ng kooperatiba ang mga magsasaka sa Ilocos Norte na makapagbibigay hindi lamang ng binhi, kundi maging ang isang village-level bioethanol distillery gamit ang sweet sorghum bilang feedstock. Ang produkto nito na hydrous ethanol, ay ginagamit upang makagawa ng produktong kosmetiko gaya ng moisturizer at hand sanitizer.

Bukod sa mga moisturizer at hand sanitizer, maaari ring gamitin ang sweet sorghum upang makagawa ng syrup at fresh juice. (*Impormasyon mula kay Angelica A. de Leon, S&T Media Service*)

kung sinuman ang maunang makapag-file ng isang teknolohiya o inobasyon ay siyang may karapatang magmay-ari ng IP. Dahil dito, payo ng IPOPhil na pag-aralang mabuti ng mga technology-based start-up company ang kanilang estratehiya sa IP management. Makatutulong din diumano ang pagkuha ng payo mula sa mga IP professional.

Ang IP protection ay makakamit sa pamamagitan ng patent, utility model, industrial design, trademark at copyright. Ito ay karapatang ibinibigay sa mga nagmamay-ari nito na kung saan ang una ay makikinabang mula sa paggamit, paggawa, o pagbebenta ng produkto o likha sa loob ng takdang panahon.

Ang isang tao o institusyon na mayroong produkto, proseso o bagong proseso na nagpapahusay ng produkto, resulta ng di-pangkaraniwang pamamaraan (inventive), at kapakinabangan sa isang bagay (useful) ay maaaring mag-apply ng patent upang makakuha ng 20 taong eksklusibong pagmamay-ari para dito. Ito ay nangangahulugan na ang nagmamay-ari ng nasabing produkto o teknolohiya ay may karapatang maningil ng royalty o magbigay ng license sa mga indibidwal o kumpanyang nagnanais na gamitin ang mga nasabing produkto, inobasyon, imbensyon, trademark, maging ang makabagong proseso.

Samantala, pitong taong proteksyon ang ibinibigay ng batas para sa mga utility model o mga inobasyong hindi naman maituturing na inventive.

Sa kabilang dako, ang mga industrial design naman ay tumutukoy sa mga estetikong katangian ng isang produkto at binibigyan ng limang taong proteksyon at maaring i-renew ng dalawang beses sa ilalim ng batas.

Ang copyright naman ay awtomatikong naibibigay sa may-akda o maylikha sa oras ng publikasyon, recording o iba pang porma ng ekspresyon. Ito ay may bisa habang nabubuhay ang may likha at dagdag na 50 taon mula sa taon ng pagkamatay nito.

Kabilang sa nasabing pagpupulong ang Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD) na naglalayong palakasin ang technology business incubator (TBI) sa bansa.

Ang TBI ay tumutulong sa mga start-up company sa pamamagitan ng pagbibigay ng abot-kayang pasilidad tulad ng office space. Ito ay nagbibigay din ng tulong administratibo at teknikal, maging ang mga gabay sa pagnenegosyo, at network sa mga potensiyal na kliyente at investor.

Ilang TBI na rin sa bansa ang naitayo sa tulong ng DOST kabilang na ang Open-Technology Business Incubator na direktang pinamamahalaan ng DOST-TRC.

Balitag RapiDOST

Aristotle P. Carandang, Ph.D.
Editor-In-Chief

Joy M. Lazcano
Layout/Graphics

Judith L. Sablan
Proofreader

Mario B. Buarao
Design

Ang Balitag RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag-email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.

www.stii.dost.gov.ph

Abot kayang DOST rescue boat


Ni Arjay C. Escondo
S&T Media Service, STII

Los Baños, Laguna – Mas matibay, abot-kaya at gawang Filipino na DOST rescue boat ang ipinakikilala ng Department of Science and Technology Regional Office IV-A (DOST IV-A) na alternatibo sa mga imported at gawa sa goma na rescue boat.

Ang DOST rescue boat na gawa sa fiber glass ay akmang gamitin sa mga rescue operation ng pamahalaan sa mga lugar na nabahaan. At dahil gawa sa fiber glass, ito ay inaasahang matibay at hindi madaling mabutas kapag sumabit ito sa mga matutulis na bagay gaya ng mga nangyari sa ilang mga rescue boat na ginamit sa mga nagdaang pagbaha.

Ayon kay Engr. Alexander Madrigal, direktor ng DOST IV-A, “bukod sa pinamurang presyo nito, pinaglaanan din ng panahon at talento ang pagbuo ng mga fiberglass rescue boat upang mapatibay at magkaroon ng mas epektibong rescue operation hindi lamang sa CALABARZON, kundi maging sa mga karatig lugar.”

Ipinaliwanag ni Engr. Eric Bautista ng Technical Services Division, DOST IV-A, na ang DOST rescue boat na idinisenyo nila ay pinagaan upang mapaandar gamit lamang ang sagwan, ngunit ito ay may sapat ding tibay upang malagyan ng outboard motor. Dagdag pa rito, ang bangka ay nagkakahalaga lamang



Sinubukan ng mga miyembro ng PNP rescue team ang tibay ng DOST rescue boat sa karagatan ng Talisay, Batangas. (Larawan mula sa DOST IV-A)

ng Php180,000, mas mababa ng halos kalahati kumpara sa halaga ng mga rubber rescue boat sa merkado.

Bukod sa kakayahan na makapagsakay ng walo hanggang 12 katao, ang upuan ng DOST rescue boat ay maaring tanggalin upang makapagbigay ng karagdang espasyo para sa pagsalba ng malalaking kagamitan o kaya ay malalaking hayop. Mayroon din itong maliliit na ‘compartment’ para mapaglagaan ng mga kagamitang panligtas at ilang medical equipment. Gamit lamang ang fiberglass, ang DOST rescue boat ay sadyang idinisenyo na maging magaan upang madaling mamaneobra lalo na sa mga masisikip na lugar.

Kaakibat ng proyekto, isinusulong ang panukala na magkaroon ng pamantayan tungo

sa ligtas at maayos na pasilidad para sa mga lokal na manggagawa ng nasabing mga bangka.

Suportado naman ng pamahalaang lokal ng General Nakar sa Quezon ang proyektong ito, na ayon sa kanila ay pinaghahandaan ang posibleng pagbaha mula sa mga ilog ng Agos at Daraitan lalo na sa panahon ng tag-ulan. Sa kasalukuyan, ang mga lugar ng San Mateo, Cainta, Batangas, at Malolos ay may nakahanda nang sariling rescue boat.

Katulong ang Maritime Industry Authority, Regional Disaster Risk Reduction Management Council at mga lokal na kooperatiba, patuloy ang DOST sa pagbibigay ng mga teknolohiya at kaalaman upang mapabilis ang mga pagresponde sa panahon ng mga sakuna.

LarawaNews



TSUNAMI EARLY WARNING SYSTEM SA LINGAYEN GULF.

Ipinaliliwanag ni PHIVOLCS director Renato U. Solidum (kaliwa) kay DOST Region 1 director Elsa Chan ang Tsunami Early Warning System na itinayo sa Bolinao School of Fisheries, Bolinao, Pangasinan. Kabilang sa Tsunami Early Warning System ay ang sirena at communication module na gagamitin sakaling mayroong insidente ng Tsunami sa Lingayen Gulf. Kasama sa larawan ay sina Engr. Felipe Andrada ng DOST-PSTC, George Mesina ng DOST-ASTI, at Engr. Angelito Lanuza ng DOST-PHIVOLCS. (Larawan mula sa PHIVOLCS, S&T Media Service)

Pagtanda ng populasyon, isang napipintong suliranin sa mundo

Ni Angelica A. de Leon
S&T Media Service, *STII*

Bukod pa dito, naniniwala ang institusyon na ang buhay ng isang bata simula pa lamang sa sinapupunan ng ina ay mahalaga sa normal aging nito o ang tamang pagtanda.

Sa kasalukuyan, ang bilang ng mga "senior citizen" sa Pilipinas ay tinatayang 6.8 milyon. Ito ay inaasahang aabot hanggang 12 milyon sa taong 2040.

Ang karaniwang tao ay nagkakaroon ng iba't ibang sakit kapag ito ay tumatanda. Kabilang dito ang cancer, sakit sa puso, stroke, Parkinson's, at Alzheimer's disease. Ang Alzheimer's disease, na kung saan ang utak ay kadalasang naapektuhan, ay nagdudulot ng dementia. Ang pagka-ulyanin ng isang pasyente ay isang senyales na ito ay mayroong dementia. Maliban dito, ang mataas na halaga ng nursing home ay isa sa mga nagpapahirap sa mga pasyente at kamaganak nito.

Ayon pa kay Dr. Reyes, mahigit limang milyong katao ngayon sa Amerika ang may Alzheimer's disease at 50 porsyento ng mga pasyente sa mga nursing home sa buong mundo ay dumaranas ng nasabing sakit.

"Caring for somebody with Alzheimer's or Parkinson's Disease requires 24 hours of attention. Nobody is that strong to do it for many years. The lifespan of a person with Alzheimer's takes many years," pahayag ni Dr. Reyes. Ayon sa kanyang lecture, mahigit sa 50 porsyento ng mga caregiver ay nakakaranas ng depression o matinding pagkalungkot.

Subalit, binigyang-diin ni Dr. Reyes na hindi lamang matatanda ang maaaring magkaroon ng ganitong mga sakit. May ilang kaso na kung saan ang mga nabanggit na sakit ay nagmula sa isang brain injury o head trauma na natamo ng pasyente bunga ng pagkahulog o aksidente sa isang palakasan. Isang halimbawa nito ay ang mga boksingero. Ayon kay Dr. Reyes na isa ring board member ng American Ringside Physician Association, ang sakit ay maaaring lumitaw ilang taon pagkatapos matamo ang brain injury o head trauma.

Inaasahan na ang pagkakatatag ng PNIA ay isang mabisang paraan sa pagsugpo ng mga sakit na ito at makatulong sa pagtugon sa pangangailangan ng mga matatanda, kabilang ang kanilang kalusugan.

Isa sa mga layunin nito ay pag-aralan ang iba't ibang tribo at komunidad sa kabundukan ng bansa. Nais ng PNIA na ihambing ang kanilang pamumuhay, tulad ng kanilang kinakain at aktibidad, sa pamumuhay ng iba.

Magsasagawa rin sila ng mga basic science at clinical research at magtatayo ng mga rapid brain autopsy center sa bansa. "If we become successful with the concept here in the Philippines, we will become the only country in Asia to have a rapid brain autopsy center," pahayag ni Dr. Reyes na siya rin ang nagpakilala sa konsepto ng rapid brain autopsy sa Estados Unidos.

Nais din ng PNIA na bumuo ng isang National Registry, magsagawa ng diagnostic marker, test measure, at mga diagnostic device. Balak din ng institusyon na pag-aralan gamitin ang mga prutas at gulay na likas sa bansa, at makagawa ng lokal na food supplement para sa utak. "We should develop our own dark chocolate industry in the Philippines. Dark chocolate, along with nuts, have been found to be good for the brain," ayon kay Dr. Reyes.

Plano rin ng institusyon na maglathala ng mga educational brochure at kumuha ng mga propesyonal sa larangan ng medisina, sociology, statistics, science at iba pa.

Nais ni Dr. Reyes na himuking makipagtulungan ang mga pribado at pampublikong sektor, maging ang mga international agency upang maisakatuparan ang mga plano ng PNIA. Sa ngayon, ang DOST at ang Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD) ay mayroong kasunduan na susuporta sa mga adhikain ng institusyon.

Isinagawa kamakailan ng National Academy of Science and Technology ng Department of Science and Technology (DOST-NAST), ang isang Science Information Forum tungkol sa "Quality Aging" upang matugunan ang mga problemang pangkalusugan kaugnay ng tinatawag na "graying of the global population" o ang pagdami ng mga matatanda sa buong mundo, kabilang ang Pilipinas.

Ang forum ay idinaos kamakailan sa Hyatt Hotel Manila na kung saan ay binigyang diin ang kahalagahan ng pagkakatatag ng ahensiya na Philippine National Institute for Aging (PNIA) na sinusuportahan ng DOST.

Ayon sa PNIA na pinamumunuan ng isang neurologist at neuropathologist na si Dr. Patricio F. Reyes, MD, FAAN, dapat ugaliin ang "healthy living" o ang pamumuhay sa paraang makapagbibigay ng kasiglahan at kalusugan ng katawan at pag-iisip, simula pagkabata hanggang sa pagtanda.